Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF BULALACAO

# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

*Municipal Building, Poblacion, Bulalacao, 5214, Oriental Mindoro*

HALAW SA KATITIKAN NG REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG BULALACAO, ORIENTAL MINDORO NA GINANAP NOONG IKA-31 NG AGOSTO 2018 SA SANGGUNIANG BAYAN SESYON HALL

**MGA DUMALO:**

| | |
|---|---|
| Kgg. Ramon G. Magbanua | Pangalawang Punong Bayan/ Tagapamahala ng Pulong |
| Kgg. Dexter R. Gonzales | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Dennes M. Faner | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. German S. Acosta | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Edezer F. Aceron | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Guillermo G. Salas, Jr. | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Elpidio N. Contreras, Jr. | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Edwin C. Aceron | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Teresita S. Bantugan | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Enrico C. Villas | Pangulo, Ligangmga Barangay |
| Kgg. Tulay M. Caring | IPM Representative |

**HINDI NAKADALO:**

Kgg. Kim John Elco E. Cantos — SK Federation President- **O.B.**

x-------------------------------------------------------x

## KAUTUSAN BILANG 18-08-212

**KAUTUSANG NAG-AATAS NA TALIAN O IKULONG ANG MGA ALAGANG HAYOP AT PAGPATAW NG KAPARUSAHAN SA MGA PAGLABAG**

Mga May-Akda: SB Member German S. Acosta
SB Member Enrico C. Villas
SB Member Teresita S. Bantugan
SB Member Tulay M. Caring

**SAPAGKAT**, ang mga alagang hayop na gumagala sa mga lansangan ay hindi kaaya-aya sa paningin ng mga mamamayan, nagdudulot ng sakuna sa mga motorista, nagbibigay ng suliraning pangkalusugan at pangkaligtasaan sa mga tao;

**SAPAGKAT**, ang turismo sa Bayan ng Bulalacao ay patuloy ang pag-unlad kaya dapat na pangalagaan hindi lamang likas na kapaligiran lalong higit ang kalusugan at kaligtasan ng mga mamamayan at turista na pumupunta dito; dahil dito…

**ITINADHANA** ng Sangguniang Bayan ng Bulalacao, Oriental Mindoro:

**SEKSYON 1**. Kahulugan ng mga salitang ginamit sa ordinansa:

a) Hayop- anumang uri ng hayop na inaalagaan tulad ng aso, kambing, baboy, baka, kalabaw at iba pa.

Scanned with CamScanner

b) May-ari- sinumang tao o grupo na nag-aalaga, nagkakanlong at nagpapakain ng anumang uri ng hayop sa kanyang bakuran na pinatutunayan ng dalawa o higit pang saksi

c) Hayop na gala – mga hayop na walang nagmamay-ari o gumagala sa mga lansangan

**SEK. 2**. Mahigpit na ipinag-uutos sa lahat ng may –ari ng mga hayop na talian o ikulong ang kanilang mga alaga upang maiwasan ang pagkalat ng dumi at pagkapinsala sa tao;

**SEK. 3**. Alinmang hayop na makikitang gumagala sa lansangan o alinmang pampublikong lugal ay maaaring hulihin ninuman para isuko sa Bahay Pamahalaan ng Barangay upang pagbayarin ng halagang dalawang daan at limampung piso (PhP250.00) ang may-ari, kung saan ang isang daan at limampung piso (PhP150.00) ay mapupunta sa nakahuli at ang isang daang piso (PhP100.00) ay mapupunta sa pamahalaang barangay.

**SEK. 4**. Na ang sinumang tao o grupo na nagmamay-ari ng mga tukoy na hayop ay inaatasan na iparehistro ang hayop sa sangguniang barangay at kukuha ng sertipikasyon ng pagbabakuna mula sa Municipal Agriculture Office kung ito ay rekisito sa tukoy na hayop:

| Hayop | Gulang na Dapat Maiparehistro | Puna |
|---|---|---|
| Aso | 3 buwan | Kailangan ng bakuna |
| Baka, kalabaw, kabayo | 1 taon | Kailangan ng bakuna |
| Kambing | 3 buwan | Kailangan ng bakuna |

Inaatasan ang Municipal Agriculture Office na maalalayan ang mga sangguniang barangay sa tamang proseso at rekisito na pagrerehistro ng mga alagang hayop.

**SEK. 5**. Ang may-ari ng mga hayop ang magiging responsable sa pagpapapagamot at sa lahat ng gastusing kaugnay nito ng sinumang taong makagat o maaksidente ng kanyang alagang hayop.

**SEK. 6**. **PAMPANGASIWAANG PROBISYON.** Ang Batas na ito ay ipatutupad ng Pamahalaang Pambarangay ng Bayang ito. Ang Pamahalaang Pambarangay ay binibigyang kapangyarihan na hulihin at ikulong ang mga hayop na gala sa koral na ihahanda ng barangay o sa lugal na itatalaga para dito. Ang mga penalidad sa Seksyon 3 ng Kautusang ito ay direktang papasok sa kabang-yaman ng barangay kung saan nahuli ang hayop.

Magpapadala ng sulat sa may-ari ng hayop upang ito ay tubusin. Ang lahat ng nahuli at nakulong na hayop, matapos ang dalawampu't apat (24) na oras na hindi natubos ay ipaaampon o ipasubasta alinsunod sa Batas.

**SEK. 7.** Ang sinumang tao o grupo na lalabag sa Kautusang ito ay magmumulta ng mga sumusunod:

Unang Paglabag – pagbabayad ng halagang limandaang piso (PhP500.00) at Community Service ng walong (8) oras

Ikalawang Paglabag- pagbabayad ng halagang isang libong piso (PhP1,000.00) at Community Service ng dalawang (2) araw

Scanned with CamScanner

Ikatlong Paglabag – pagbabayad ng halagang isang libo at limandaang piso (PhP1,500.00) at pagkakulong ng labinlimang (15) araw sa kasong paglabag sa Pambayang Ordinansa.

**SEK. 8**. Ang Kautusang ito ay nagpapawalang-bisa sa mga Kautusan Blg. 25, serye 1992, Kautusan Blg. 11-01-18 at Kautusan Blg. 14-04-140 ng Bayang ito.

**SEK. 9**. Ang Kautusang ito ay magkakabisa labinlimang (15) araw matapos maipaskil ang sipi ng ordinansa sa mga pampubliko at hayag na lugal sa bawat barangay ng Bayan ng Bulalacao. Ang mga sipi ng Kautusang ito ay ibibigay sa lahat ng barangay at sangkot na tanggapan ng Lokal na Pamahalaan ng Bulalacao para sa kanilang kaalaman, pagtalima at pagpapatupad.

**ISINABATAS** ngayong ika-31 ng Agosto 2018 sa Bulalacao, Oriental Mindoro.

- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -

**KGG. DEXTER R. GONZALES**
SB Member

**KGG. DENNES M. FANER**
SB Member

**KGG. GERMAN S. ACOSTA**
SB Member

**KGG. EDEZER F. ACERON**
SB Member

**KGG. GUILLERMO G. SALAS, JR.**
SB Member

**KGG. ELPIDIO N. CONTRERAS, JR.**
SB Member

**KGG. EDWIN C. ACERON**
SB Member

**KGG. TERESITA S. BANTUGAN**
SB Member

**KGG. ENRICO C. VILLAS**
Pangulo, Liga ng mga Barangay

**KGG. TULAY M. CARING**
IPM Representative

**NAGPAPATUNAY SA KATOTOHANAN AT KAWASTUHAN:**

**PERLITA L. PAZ**
Kalihim ng Sanggunian

**SINAKSIHAN:**

**KGG. RAMON G. MAGBANUA**
Pangalawang Punong Bayan/Tagapamahala ng Pulong

**PINAGTIBAY:**

**KGG. ERNILO C. VILLAS**
Punong Bayan
Petsa ng Nilagdaan: 9-24-18

180903/PLP/bms

Scanned with CamScanner